

Panahon na para i-renew ang iyong OHP at iba pang mga benepisyo ng Medicaid.



Gumawa ng hakbang para maprotektahan ang iyong mga benepisyo!

Kung mayroon kang Oregon Health Plan (OHP) o iba pang mga benepisyo ng Medicaid, sundin ang mga hakbang sa ibaba. Kung nagkaroon ka ng mga benepisyo na ito anumang pagkakataon sa panahon ng pandemya ng COVID-19, maaaring mayroon ka pa rin nito.

Hakbang 1: Tiyaking napapanahon ang iyong tirahan. Magagawa mo ito nang mag-isa o makakakuha ka ng libreng tulong sa alinman sa mga paraan sa ibaba:



Maghanap ng isang opisina o katuwang sa komunidad na malapit sa iyo sa [KeepCovered.Oregon.gov](https://www.KeepCovered.Oregon.gov).



Iulat ang mga pagbabago at tumugon sa mga pagpapanumbalik online sa [Benefits.Oregon.gov](https://www.Benefits.Oregon.gov).



Tumawag sa 800-699-9075. Kapag nakarinig ka ng boses, pindutin ang 5. Manatiling naghihintay. Mayroong sasagot sa Ingles. Dahan-dahang sabihin ang pangalan ng wikang kailangan mo. Maikokonekta ka sa isang interpreter. Ang pinakamaikling mga oras ng paghihintay sa pagitan ng 7 a.m. at 8 a.m.



Hakbang 2: Palaging tingnan ang iyong sulat sa koreo para sa mga sulat sa pagpapanumbalik.

Kapag dumating ang mga ito, gawin mo kaagad ang ipinagagawa nila.



Ang mga liham ay lumalabas na ngayon hanggang kalagitnaan ng 2024. Hindi maibabalik ang lahat nang sabay-sabay. Palaging tingnan ang sulat sa koreo para sa iyong mga liham mula sa estado ng Oregon.

[KeepCovered.Oregon.gov](https://www.KeepCovered.Oregon.gov)

Sasabihin sa iyo ng iyong mga liham sa pagpapanumbalik kung ano ang gagawin.

Makakatanggap ka ng mga liham sa pagpapanumbalik at mga buod ng kaso, na magpapaliwanag sa iyong mga benepisyo. Basahing mabuti ang buod ng kaso para sa bawat miyembro sa iyong sambahayan. Makipag-ugnayan sa amin gamit ang alinman sa mga madudulugang nakalista sa Hakbang 1 kung kailangan mo ng tulong sa pag-unawa.

Maaaring sabihin ng iyong mga liham ang mga bagay na tulad ng:



Awtomatiko kang naibabalikra sa OHP o iba pang mga benepisyo ng Medicaid. Suriin ang impormasyon upang matiyak na tama ang lahat. Sabihin sa amin kung may nagbago.



Kailangan mong magbigay ng marami pang impormasyon para makita kung kwalipikado ka pa rin. Maaaring hilingin sa iyo na magpadala ka ng impormasyon o sumailalim sa isang panayam. Mayroon kang hanggang 90 araw para tumugon. Ipapaliwanag ng mga liham ang kailangan mong gawin.



Ang iyong OHP o iba pang benepisyo ng Medicaid ay nagbabago, o hindi ka na kwalipikado. Kung mangyari ito, makakatanggap ka ng 60-araw na abiso bago matapos ang iyong mga benepisyo. Padadalhan ka namin ng impormasyon tungkol sa iba pang mga opsyon mo sa pagsaklaw sa kalusugan.

Kung ikaw o ang isang miyembro ng iyong pamilya ay hindi na kwalipikado para sa OHP o iba pang benepisyong Medicaid:

Maaari kang maging karapat-dapat para sa Medicare. Tawagan ang Social Security Administration sa 800-772-1213 upang magpatala sa pamamagitan ng telepono o gumawa ng appointment sa isang lokal na opisina. Maaari ka ring magpatala sa Medicare online sa ssa.gov/medicare/sign-up. O maaari kang pumunta sa OregonHealthcare.gov/GetHelp para humanap ng ahente ng seguro o tutulong sa Senior Health Insurance Benefits Assistance Program. Matutulungan ka nila na magpasya sa pagitan ng iyong mga opsyon sa Medicare.

Kung hindi ka karapat-dapat para sa Medicare, tingnan kung nag-aalok ang iyong pinagtatrabahunan ng abot-kayang plano. Siguraduhing makipag-usap sa iyong boss o sa departamento ng pangtaong mapagkukunan bago matapos ang iyong OHP. Makakakuha ka ng espesyal na panahon ng pagpapatala kapag nawalan ka ng OHP.

Kung wala kang Medicare o isang abot-kayang plano sa pinagtatrabahunan, **maaari kang bumili ng planong pangkalusugan sa pamamagitan ng Oregon Health Insurance Marketplace** sa halagang kasingbaba ng \$1 kada buwan. Ang mga taong nawalan ng OHP ay dapat magpatala bago matapos ang kanilang OHP, ngunit mayroon silang hanggang Hulyo 31, 2024, para magpatala. Sinasaklaw ng mga plano ang mga bagay na tulad ng mga inireresetang gamot, pagbisita sa doktor, agarang pangangalaga, pananatili sa ospital, at iba pa. Para sa karagdagan pang impormasyon, bisitahin ang OregonHealthCare.gov o tumawag sa 1-833-699-6850 (toll-free, tinatanggap ang lahat ng relay na tawag). Maaari ka ring bumisita sa isang katuwang sa komunidad o ahente ng seguro nang libre, presensiyang personal na tulong. Upang makahanap ng malapit sa iyo, bisitahin ang OregonHealthCare.gov/GetHelp.



KeepCovered.Oregon.gov

Para sa mga indibidwal na may mga kapansanan o mga indibidwal na nagsasalita ng wika maliban sa Ingles, maaari kaming magbigay ng impormasyon sa mga alternatibong pormat tulad ng mga pagsasalín, malalaking print o braille. Kontakín ang 503-945-5488 (tinatanggap ang lahat ng mga relay na pagtawag) o bumisita sa feedback@odhs.oregon.gov.